# Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino (1900-1992)

Jaime B. Veneracion
Patnugot

College of Social Sciences and Philosophy
University of the Philippines
1994

## Pagkilala

Pasasalamat ang pinaaabot sa mga manunulat ng sanaysay na nalahok sa aklat na ito. Gayundin sa lahat ng tumulong upang maisaayos at maihanda ang mga sanaysay sa kasalukuyan niyang kayarian.

Sa mga naghandog ng kanilang talino, tiyaga at pagod nais kong banggitin una, ang nagmakinilya na si Zenaida Ebalan ng CSSP Publications, ang nagdisenyo ng pabalat na si G. Valentin Conanan, Jr. at ang tumulong sa paggawa ng index na si G. Kin Enriquez. Nakatulong sa ibat ibang bagay sina Bb. Victoria N. Vidal at Junnette Tibor ng Tanggapan ng Tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan. Maraming naitulong sa iba't-ibang antas ng pagbubuo ng aklat si Marita C. Pimentel.

Sa huli, pasasalamat ang ipinaaabot sa National Commission for Culture and the Arts para sa pinansyal na tulong at ang pamunuan ng Unibersidad para sa mga pasilidad.

Gayunpaman, sinuman sa tinatanawan namin ng utang na loob ay walang responsibilidad sa mga pagkakamali at kakulangan -- ang responsibilidad tungkol dito ay nakaatang sa balikat ng patnugot.

Patnugot

# Nilalaman


Panimula ix

- Ang Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang pagpapakahulugan sa diskurso ng pakikibakang panlipunan 1
  FRANCIS GEALOGO

- Pagkabalisa ng mga magsasaka sa lupaing prayle ng Luzon 1900-1950: Isang pagsusuring aklat 39
  JAIME B. VENERACION

- Ang Kilusang Sakdal 55
  MOTOE WADA

- Nicolas Encallado: Kapitan Kulas, Remontado, Manggagamot 81
  VICTOR PAZ

- Pagtutuos sa Kilusang Komunista 1940-1957: Ilang karanasan sa paglilinang ng isang lider 111
  FERDINAND LLANES

- Militanteng kilusang manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982 paghupa, pag-ahon, pag-agos 147
  DANTE AMBROSIO


- Ang Kilusang Komunista sa Kordilyera: Pagtatagpo ng taal at katutubong kultura 191
  NESTOR CASTRO

Indeks 239











**Editorial Board**
**Consuelo Joaquin-Paz**
Chairperson
**Members:**
Manuel F. Bonifacio (Sociology)
Mercedes B. Concepcion (Demography)
Ernesto Constantino (Linguistics)
Prospero R. Covar (Anthropology)
Fredeguisto G. David (Psychology)
Leo D. de Castro (Philosophy)
Telesforo W. Luna, Jr. (Geography)
Francisco Nemenzo (Political Science)
Samuel K. Tan (History)
**Laura L. Samson**
Editor-in-Chief

## Pambungad

Layunin namin sa aklat na matipon ang pinakahuling pag-aaral tungkol sa kilusang masa mula noong 1900 hanggang 1992, ibig sabihin, ang panahon matapos ang Rebolusyong 1896. Bilang pauna, nais naming banggitin na tentatibo ang petsa sapagkat hindi naman talaga pinag-usapan ng mga may-akda ang proyekto bilang isang kabuuan. Katunayan, lahat halos ng mga sanaysay ay bahagi ng mga tesis masterado ng pamantasan sa larangan ng kasaysayan. Bawat paksa bagamat magkakalayo sa panahon at diin, ay nagsalamin ng iba't ibang dimensyon sa kasaysayan ng lipunan. At sa iba't ibang pagtalakay ng mga sumulat, mapapansin na nagdaan ang salaysay sa saklaw ng panahong nabanggit.

Hindi layunin ng aklat na sakupin ang lahat ng uri ng kilusan. Maaaring punahin na hindi naisali ang mga samahang gerilyang lumaban sa Hapon noong giyera maliban sa Hukbalahap. O walang pagtalakay sa kilusang Moro tulad ng MNLF. Dahilan ito sa aming pagkaunawa na may pagkakaliwa ang konsepto ng masa. Ang kilusang masa na pinaksa dito ay yaong mga naging tagapagmana ng Rebolusyon ng 1896 na naniniwalang may kinabukasang naghihintay para matatag ang pamahalaan para sa masa at mula sa masa. Sa ganyang sentido, maaaring sabihing sa kasalukuyang pormasyong pulitikal, ang kilusang komunista ang tunay na nagpalawig at siyang talagang nagmana sa gawain ng mga rebolusyunaryo ng 1896.

Sa kasalukuyang tendensiyang dulot ng bagong kasaysayan, nagtagpo ang interes ng mga nagsulat upang mapagsama natin ang mga ito bilang isang tema na umikot sa kilusan ng masang Pilipino. Manipestasyon ang tendensiyang ito ng isang tahasang pagtalikod sa mga limitasyon ng nakalipas na henerasyon ng mga mananalaysay. Kung noong araw, nakatutok ang kasaysayan sa gawain ng sentro ng lipunan, ngayon, ang tunguhin ay ang pagtatampok sa mga nasa kagiliran. Hindi naman nangangahulugan na kinalimutan na ang mga usaping may kinalaman sa pamumuno; katunayan, ang paksain nitong aklat ay nakasentro sa mga aspektong pulitikal. Hindi lingid sa atin na ang talagang tunguhin ng pulitika ay ang pag-agaw sa kapangyarihan at pamumuno.

Ngunit di tulad ng mga sinaunang pag-aaral, ang pagtingin ng aklat sa pulitika ay may malalim na batayan. Hindi simpleng pagkilala sa kakayahang indibidwal o banggaan ng mga indibidwal ang tinatalakay na pulitika rito hindi ang pagtatagpo ng indibidwal at institusyon, ng indibidwal at ng kulturang kanyang ginagalawan, ng institusyon sa kapwa institusyon, o ideolohiya sa kapwa ideolohiya. Ang lumitaw sa wakas ay isang malalim na pag-unawa ng mga sumulat sa kahalagahan ng pagtuklas sa mga likas, lantay at hanggang ngayon ay hindi pa natatarok, na katutubong kamalayan.

May pagkateoretikal ang unang akda, na sinulat ni Francis Gealogo. Sa pagtalakay niya ng mga konsepto kaugnay ng pakikibaka, ginamit niya ang hermeneutika. Inspirasyon niya sa Michel Foucalt na nagmungkahi ng pagsusuri sa kamag-anakan o angkan ng mga salita upang mailantad ang malalim na kahulugan ng mga ito. Ang genelohiya ng mga salita ay hindi sumusunod sa isang tuwid na linya ng pag-unlad. Kung ilapat sa Kasaysayan ang sistemang ito, ang salaysay ay hindi na isang pagsusunod-sunod ng pangyayari ayon sa panahon kundi isang pag-uugnay ng magkakasabay na mga kaisipang nanggaling kung saan-saan.

May pagkahalintulad ito sa nangyayari sa tao. Sa isang pagsusunod-sunod ng "*pagiging tao*," puedeng ilahad ang proseso mula pagsilang, pagkabata, pagiging tinedyer, pagtanda at pagkamatay. Pero, anong klaseng buhay naman iyon? Ano ang kahulugan ng ganoong salaysay? Kung ang salaysay ay ukol sa tao bilang tao, sa kahulugan ng "*pagpapakatao*," ang natutuhang ugali at pagpapahalaga, ang mga trauma, kalungkutan at kasiyahan ay laging puwedeng ungkatin bilang nasa likod ng pagkilos, mga katotohanang laging nandoon na at bumubukal sa mga itinakdang oras o mga taong kaugnay.

Ang buong panahong ginalawan ng mga pangkat na binanggit ni Gealogo ay tinalakay naman sa artikulo ni Jaime B. Veneracion. Bagamat isang pagsusuring aklat, inilagay ito sa unang bahagi upang mabigyang linaw ang iba't ibang himaymay ng mga puwersang napaloob sa binubuong bansa. Ipinakita dito ang pagpapatuloy ng mga usaping naging salik sa Rebolusyon ng 1896, ang pagpapatuloy ng kilusang anti-prayle, at ang pagbalikwas ng Simbahan noong mga 1930s. Matapos ang huling mga pag-aalsa noong 1913, nanlumo ang nasyonalismo na kinakatawan ng mga *Independence Mission* ng mga pulitikong tulad nina Quezon-Osmeña at mga pagdiriwang ng kabayanihan sa pamamagitan ng balagtasan nina Jose Corazon de Jesus—Florentino Collantes sa mga beauty contest ng piyesta at carnival.

Sa ganitong kapaligiran pumasok ang pangkat ng Sakdal ni Benigno Ramos, na sinuri ni Motoe Wada. Hindi hiwalay sa naganap

na Rebolusyon ng 1896 ang pagkahilig ng kilusang ito sa naganap pagkatapos na *collaboration* sa Hapon. Dahil sa panalo ng Hapon sa pakikidigma sa Tsina (1895) at Rusya (1905), naengganyo ang mga ilustradong Pilipino upang tingnan ang kalapit na bansa bilang tagapagligtas. Sa pagsusuri nga ni Fr. John Schumacher (*The Propaganda Movement*), ang pagbagsak ng kilusang propaganda at ang pagtigil ng paglalathala ng *La Solidaridad* noong 1895 ay maiuugnay sa pagwawagi ng Hapon sa digmaan ng taong yaon. Naging sangkap ng nasyonalismong ilustrado ang pagtuklas ng ugnayang kultural at pulitikal sa Asya na kinatawan ng pagkakaroon ng isang kolonya ng mga Pilipino sa Hapon. Nanatiling kilusang masa ang Sakdal dahil naisanib nito ang mga dukhang magsasaka at manggagawa na nagpasulong ng programa tungkol sa reporama sa sakahan at paggawa.

Kung magsasaka ang tinuunan ng pansin sa akda nina Veneracion at Wada, *remontado* naman ang sinuri ni Victor Paz. Silang mga nasa gilid ng kabundukan ang nagdaan sa pagiging "*bandido*" at "*tulisan*" sa konsepto ng mga nasa pamahalaang Amerikano. Inilahad ng artikulo ang pagtatagpo ng mga tradisyon--ng sinaunang pagiging *remontado* o paglikas mula sa mga *pueblo* na itinatag ng mga Kastila bilang isang uri ng paglaban o pagtakas sa pagsasamantala at ang paglaban mismo sa pamahalaan sa tulak ng ideolohiyang ilustrado at komunista. Nagtagpo ang kamalayang bayan na mula sa kinagisnan na nating sinaunang kultura at ang kaisipan o ideolohiya ng pakikibaka galing sa impluwensiyang panlabas.

Sa mga artikulo nina Ferdinand Llanes at Dante Ambrosio, ang binigyang pagpapahalaga ay ang kilusang manggagawa. Sa proseso ng kanilang pagtalakay, naging malinaw ang malaking papel na ginampanan ng kilusang komunista sa pagpapaigting ng pagkilos ng mga manggagawa at kung paanong ang mga suliraning panloob sa Partido ang naging dahilan sa pagtamlay ng mga ito. Ang artikulo ni Llanes ay sumaklaw sa mga naging suliranin sa panahon ng lumang Partido samantalang tinalakay naman ni Ambrosio ang mga karanasan sa bagong Partido.

Ang paghihiwalay ng kamalayang intelektuwal at karaniwang tao ay naging mahalagang tema sa kilusan -- isang pagpapatuloy ng kaisipang kailangang magmula sa ilustrado ang ideya samantalang ang masa ay tagapagpaganap lamang para matamo ito. Ang pamumunong Lava-Hernandez ang kumatawan sa intelektuwal, Taruc-Olalia ang kumatawan sa masa. Ngunit bukod sa salik na ito ng pamumuno, lumitaw ang iba pang tradisyong may malalim na pinagmulan sa kulturang Pilipino tulad ng pagpapairal ng relasyon ng ninong at inaanak sa pagpapatupad ng mga desisyon.

Kay Ambrosio, ang higit na lumutang ay ang paggamit ng Partido ng mga institusyong nandiyan na upang isulong ang

pakikibaka sa panahon ng Batas Militar. Ginamit ang prusisyon at misa halimbawa tuwing may mga demonstrasyon at malakihang pagtitipon. Ngunit sa prosesong ito ng pagkakanlong sa mga institusyong panrelihiyon, nilamon naman ito at napaloob ang kilusang masa sa daigdig ng espirituwalidad na magiging tuntungan ng magaganap na matagumpay na "People Power Revolution" noong 1986. Mababanaag sa artikulo kung paanong ang naging paghahanda sa dakilang pagtutuos sa diktadurya ni Marcos ay nabale wala dahil sa kawalan ng pagtanggap sa mga tunay na relasyon ng mga puwersang pulitikal. Dahil hindi nakasangkot ang kilusan sa biglaang eleksiyon noong 1985, nawalan din ng batayan ang pagsangkot sa mapagpasiyang "People Power Revolution."

Sa huling artikulo na sinulat ni Nestor Castro, ang tinuunan ng pansin ay ang mga taal na katutubo sa Koldilyera. Dito lalong naging malinaw ang problematiko ng kilusang masa -- kung paano dapat mabuo ang isang kilusan na isinulong ng isang panlabas na ideolohiya sa kondisyon ng katutubong larangan. Malinaw ang mga halimbawang binanggit ni Castro sa banggaang ito, sa kaso ng pagsusuri sa piyudalismo sa Koldilyera halimbawa o sa paniniwala ng mga NPA sa darating na kamalasan kapag nagdaan ang *idaw* na isang mahiwagang ibon. Bukod dito, pambukas mata ang obserbasyon na maging sa uri ng pagkain tulad ng paglalagay ng bagoong sa ulam ay maaaring pagsimulan ng gusot at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga taga-Koldilyera at taga-kapatagan. Ang tema ng dakilang paghihiwalay na kultural ng mga nasa itaas at ibaba ng lipunan ay naging lalong malinaw sa pronterang ito ng ating pagiging Pilipino.

Ang karanasan sa Koldilyera ay pagpapatunay na ang mga makasaysayang kaganapan sa ating pagkabansa ang maglalapit sa atin upang talagang pag-usapan ang pagbabatayan ng pagbabago sa sambayanan. Habang hindi lubog ang liderato sa tunay na karanasang bayan, mananatiling hilaw ang isusulong nitong ideolohiya. Hanggang ngayon, walang pagtatagpo ng mga namumuno at pinamumunuan kayat bawat panahon ay nangailangan ng isang "*utak*" at isang "*tagapagpaganap,*" na sinagisag sa ating kamalayan ng isang Jacinto/Rizal para sa isang Bonifacio, Mabini para sa isang Aguinaldo, Lava para sa isang Taruc at Guerrero para sa isang Dante. Magaganap ang pagtatagpo kung hindi na isang kilusang masa ang sisilang sa ating lipunan kundi isang kilusang bayan.

JAIME B. VENERACION
4 ENERO 1995